# Impormasyon para sa pamilya/mga kaibigan ng mga naospital dahil sa COVID-19

Ang COVID-19 ay maaaring magsanhi ng hindi malala hanggang sa malubhang sakit.

Ang inyong kapamilya/kaibigan ay naospital dahil sa COVID-19 upang ma-monitor namin ang kaniyang paghinga. Kailangang suportahan ng oxygen at kung minsan ng ventilator (artipisyal na paghinga) ang kanyang paghinga. Tutulungan din namin siya sa anumang sintomas niya.

Ipapaliwanag sa leaflet na ito kung anong paggagamot ang maaari nilang matanggap, at anong suporta ang maaaring ibigay sa kanila at sa iyo.

## Anong paggagamot ang matatanggap nila?

Bukod sa mga aktibong hakbang sa paggamot sa sakit, mahalagang mabawasan ang paghihirap na maaari nilang maranasan. Ginagawa ito sa pamamagitan ng paggamot sa mga sintomas:

- Ang *pangangapos ng hininga* ay maiibsan sa pamamagitan ng pananatiling kalmado at nakapahinga hangga´t maaari, pero kung lumala ito, gagamit kami ng gamot para maibsan ito. Ang pinakakaraniwang gamot na ginagamit ay morphine. Bagama´t kadalasang ibinibigay para sa pananakit, ligtas gamitin ang morphine para maibsan ang pangangapos ng hininga.
- Ang *pag-ubo* ay magagamot din ng morphine.
- Ang *pagkabalisa* ay maaaring karaniwan; kasama sa mga gamot na ginagamit upang maibsan ang sintomas na ito ang lorazepam at midazolam.
- Ang pakiramdam na *labis na pagkapagod* ay maaaring mangyari kung magkakalagnat at makokontrol ito gamit ang paracetamol.

Ang lahat ng gamot ay ibibigay nang regular at kapag kinakailangan. Maaaring ibigay ang mga gamot sa pamamagitan ng pag-iniksyon sa ugat o sa ilalim ng balat kung kinakailangan.

Sa mga pinakaseryosong sitwasyon, ang COVID-19 ay maaaring makaapekto sa mga baga, na magpipigil ditong gumana nang normal. Maaaring gumamit ng ventilator para makapagpasok at makapaglabas ng hangin sa baga at makatulong sa kanyang makahinga. Maaaring gumamit ng ventilator nang ilang araw hanggang sa gumana na ulit nang normal ang mga baga.

## Pagpapasya

Kakailanganin ng agarang mahihirap na pagpapasya ng mga medical team para sa pangangalagang natatanggap ng iyong kapamilya/kaibigan. Halimbawa, kung kailan sisimulan ang ventilation o kung isasalba muli ang puso kapag huminto ito. Pakisabi sa medical team kung natalakay mo na ito sa iyong kapamilya/kaibigan at kung ano ang sinabi nila tungkol dito. Kung hindi ka sigurado, pakitalakay ito sa isa sa mga kawani ng medical team. Marami sa mga pakikipag-usap sa mga doktor at nurse ay isasagawa sa telepono at batid naming magiging mahirap ito. Pakitiyak na mayroon kami ng iyong mga wastong detalye sa pakikipag-ugnayan at sabihin sa kawani ng ward kung gusto mong manatiling nalalaman ang mga nangyayari.

ELF EUROPEAN LUNG FOUNDATION

ERS EUROPEAN RESPIRATORY SOCIETY

Ang lahat ng impormasyon sa leaflet na ito ay pinagsama-sama ni Dr Sabrina Bajwah (Cicely Saunders Institute, King's College London) nang may malaking tulong mula sa mga kasamang may-akda at grupo ng pasyente/tagapangalaga bilang suporta sa ERJ editorial na "Pamamahala sa mga pangangailangan sa pansuportang pangangalaga ng mga taong apektado ng COVID-19".

Pakibanggit ang editorial na ito sa sumusunod na paraan:

Bajwah S, Wilcock A, Towers R, Costantini M, Bausewein C, Simon ST, Bendstrup E, Prentice W, Johnson MJ, Currow DC, Kreuter M, Wells AU, Birring SS, Edmonds P, Higginson IJ (2020). Managing the supportive care needs of those affected by COVID-19. ERJ: doi https://doi.org/10.1183/13993003.00815-2020

**Ginawa noong Abril 2020.**

## Paano ako makikipag-ugnayan sa kanila?

May mahihigpit na patakaran hinggil sa isolation sa loob at labas ng ospital, na nangangahulugang maaaring hindi ka pahintulutang bumisita. Kung bibisita sa ospital, kakailanganin mong magsuot ng personal protective equipment (na tinatawag ding PPE – face mask, atbp.). Hangga´t maaari, tutulungan ka ng kawani ng ward na makipag-ugnayan sa pamamagitan ng telepono o video call.

## Maaari ba akong humingi ng karagdagang suporta?

Nauunawaan namin na mahirap na sitwasyon ito. Maaaring gusto mong sabihin ang inyong nararamdaman. Pakisabihan ang kawani ng ward na makipag-ugnayan sa mga sumusunod na serbisyo ng suporta na maaari mong makuha:

Listahan ng mga lokal na serbisyo ng suporta sa ospital: